

**Pangkalahatang-ideya ng Pamamaraan
Sangay ng Pananaliksik, Pag-audit, at Pagsusuri
Pampublikong Komprehensibong Dashboard**

LAYUNIN

Magbigay ng access sa mga caseload, demograpiko, diagnostiko, at Purchase of Service (POS) (Pagbili ng Serbisyo).

SAKLAW

- Populasyon: Mga indibidwal na nasa intake (Status 0), sa Early Start (Status 1), na may aktibong katayuan (2, 3, 5, 8, U), o POS na paggasta sa (mga) yugto ng panahon
- (mga) yugto ng panahon: Taon ng Pananalapi (Fiscal Year o FY) 2011/12 - kasalukuyan (mas mababa sa 120 araw para sa pagproseso ng claim)
- Mga Paksa: Mga buod ng caseload, halaga ng claim, at average na paggasta sa POS, ayon sa Regional Center (RC) at mga demograpikong katangian at mga katagorya ng diagnostiko

DISENYO

Ito ay isang cross-sectional na paglalarawan ng caseload na inihatid ng Departamento at mga talaan ng paggasta ng POS ng FY.

(MGA) MAPAGKUKUNAN NG DATOS

- Mga pinagmumulan ng mga datos: Ang datos na ginamit sa Pampublikong Komprehensibong Dashboard na ito ay nagmula sa impormasyong nakolekta ng mga lokal na mga RC, na ipinapadala sa Departamento bawat buwan, at iniimbak sa Data Warehouse ng Departamento.
 - Client Master File (CMF): Mga identifier (pagkakakilanlan) at demograpiko ng kliyente

- Client Development Evaluation Report (CDER) (Ulat sa Pagsusuri sa Pag-unlad ng Kliyente): Naiulat na mga diagnosis mula sa pinakabagong file ng CDER
- Mga Claim ng Estado: Mga gastos sa POS
- Paghahanda ng datos:
 - Ang mga rekord ay kinukuha para sa mga indibidwal na may hindi nawawalang CMF na tala ng aktibong katayuan o hindi bababa sa isang talaan ng paggasta sa POS sa anumang buwan ng yugto ng panahon. Pagkatapos ay iniuugnay ang mga tala, ng Unique Client Identifier (UCI), sa mga diagnostic indicator mula sa CDER at datos ng mga claim mula sa file ng mga Claim ng Estado.
- Mga pagsasama/pagbubukod:
 - Ang lahat ng hindi nawawalang mga talaan ng claim ay kasama. Kasama sa mga talaan ng paghahabol ang mga zero dollar claim gayundin ang anumang mga credit/adjustments (mga negatibong halaga ng claim).
 - Ang mga rekord ng kontrata (ibig sabihin, ang mga UCI na may 'KONTRATA' o ibang pagkakakilanlan ng kontrata) ay hindi kasama.
 - Ang mga indibidwal na may record ng claim ngunit walang katumbas na CMF na rekord, ay hindi kasama.
 - Walang ibang mga pagbubukod ang inilalapat.

PAGBABAGO NG DATOS O PAGLILINIS

- Caseload ng RC: Kinakatawan ng caseload ng RC ang natatanging bilang ng mga UCI na inihahatid ng bawat RC batay sa kanilang rekord sa CMF. Ang mga indibidwal na nagbabago ng mga RC ay maaaring mabilang nang higit sa isang beses sa antas ng FY.
- Kabuuang mga paggasta sa POS: Ang kabuuang paggasta sa POS ay sumasalamain sa kabuuan ng lahat ng mga claim.
- Average na POS: Ang mga average na paggasta sa POS ay kinakalkula sa pamamagitan ng paghahati sa kabuuang mga paggasta sa bilang ng mga natatanging indibidwal sa isang partikular na yugto ng panahon. Kasama sa mga average na kalkulasyon ng POS ang lahat ng indibidwal sa Populasyon na tinukoy nang mas maaga sa dokumentong ito.

- Edad: Sa buwanang antas, kinukuwenta ang edad sa katapusan ng buwan at isinaayos sa tatlong pangkat: 0-2, 3-21, at 22 at mas matanda. Sa antas ng FY, ipinapakita ng mga pangkat ng edad ang lahat ng indibidwal sa pangkat ng edad anumang oras sa FY. Maaaring mabilang ang mga indibidwal sa higit sa isang pangkat ng edad sa antas ng FY.
- Lahi/etnisidad: Iniuulat ang lahi/etnisidad batay sa pinakabagong tala sa CMF. Ang mga indibidwal na may marami, nawawala, o iba pang mga etnisidad ay kasama sa kategoryang "Iba".
- Wika: Iniuulat ang wika batay sa pangunahing wika sa pinakabagong CMF.
- Kapansanan sa Pag-unlad: Iniuulat ang kapansanan sa pag-unlad batay sa pinakabagong impormasyon sa CDER. Kasama sa mga kategorya ang:
 - Autism: Pagkakaroon ng Autism o Pervasive Developmental Disorder (PDD) (Malaganap na Karamdaman sa Pag-unlad), na tinukoy bilang AUTLEVEL value na 1 o PDD value na 3 o 4.
 - Cerebral Palsy: Pagkakaroon ng Cerebral Palsy o iba pang makabuluhang hindi gumaganang motor (dysfunction), na tinukoy bilang CPALSY value na 1, 2, o 3.
 - Epilepsy: Ang pagkakaroon ng bahagyang, pangkalahatan, o hindi natukoy na mga seizure (kombulsyon), na tinukoy bilang isang halaga ng EPSEIZ1 na mas mataas sa 0.
 - Kapansanan sa Intelektwal: Ang pagkakaroon ng kapansanan sa intelektwal, na tinukoy bilang isang halaga ng MRLEVEL na 317, 3170, 70, F70, 318, 3180, 71, F71, 3181, 72, F72, 3182, 73, F73, 319, F78, o F79.
 - Ikalimang Kategorya: Ang pagkakaroon ng kundisyong may kapansanan na natagpuang malapit na nauugnay sa kapansanan sa intelektwal, na tinukoy bilang isang CAT5 na halaga ng Y o anumang halaga ng ICD33A maliban sa 0 o *.
- Uri ng tirahan: Ang tirahan ay ipinapakita sa dalawang kategorya batay sa code ng paninirahan sa rekord ng CMF ng indibidwal bawat buwan. Maaaring mabilang ang mga indibidwal sa higit sa isang kategorya ng paninirahan sa antas ng FY.
 - Nasa Bahay: Tahanan ng Magulang/Tagapag-alaga/Ahensiya ng Tahanan ng Pamilya/Tahanan ng Ampon (residence code 11, 78, 79, 80).
 - Wala sa Bahay: Lahat ng iba pang uri ng paninirahan (residence code 9, 13, 14, 20-24, 29-31, 40-50, 52-58, 59, 60, 81-87, 89, 90, 98).

PAGSUSURI NG DATOS

- Maaaring i-filter ang caseload, mga claim, at average na paggasta sa POS sa pamamagitan ng:
 - Kategoriya ng status (Early Start, Intake, Lanterman, at Other Status)
 - RC
 - Pangkat ng edad
 - Lahi/etnisidad
 - Pangunahing wika
 - Malaking kapansanan (tandaan: ang mga indibidwal ay maaaring magkaroon ng higit sa isang diagnosis, kung saan sila ay binibilang para sa alinmang diagnosis ay nasa loob ng inilapat na filter)
 - Uri ng Tirahan
- Nililimitahan ng Dashboard na ito ang pag-filter at inilalapat ang pagsugpo sa cell upang sumunod sa [Mga Alituntunin sa De-Identification ng California Health and Human Services](#). Upang i-maximize ang dami ng magagamit na datos, inilalapat ang pagsugpo sa caseload, kabuuang mga paggasta, at kabuuang mga field ng awtorisasyon upang mapanatili ang mga average na halaga ng POS. Ang mga halaga ay pinipigilan kung ang caseload ay kumakatawan sa mas kaunti sa 11 indibidwal.
- Software na ginamit: Power BI

KARAGDAGANG IMPORMASYON

- Ang unang taon ng publikasyon ay 2024.
- Ang mga indibidwal ay maaaring magkaroon ng higit sa isang diagnosis. Samakatuwid, ang mga bilang ayon sa kategoryang diagnostiko ay hindi isasama sa kabuuang caseload ng Departamento.
- Mga pagsasaalang-alang kapag binibigyang kahulugan ang datos:
 - Ang mga paggasta sa POS ay isang paraan lamang upang suriin ang pag-access sa serbisyo. Kabilang sa iba pang mahahalagang salik, ngunit hindi limitado sa, pagkakaroon ng serbisyo (availability), aksesibilidad (accessibility), pagiging katanggap-tanggap (acceptability), at kalidad.

- o Ang average na POS ay sensitibo sa mga outlier. Nangangahulugan ito na ang isa (o ilang) indibidwal na may napakataas o napakababang POS ay maaaring magpakita ng pangkalahatang average na mas mataas o mas mababa kaysa sa aktwal na ginastos ng karamihan sa mga indibidwal.
- o Ang ulat na ito ay nagbubuo ng impormasyon gamit ang malalaking pangkat ng edad (hal., 3 – 21 taon). Pinagsasama-sama ng malalaking pangkat ng edad na ito ang mga indibidwal na may iba't ibang pangangailangan sa serbisyo. Ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga grupo ay dapat bigyang-kahulugan nang may pag-iingat, dahil maaaring magkaiba sila ng mga mas bata at mas matatandang indibidwal.
- o Dapat mag-ingat kapag inihahambing ang datos ng FY 2020/21 sa dati o kasalukuyang datos dahil sa mga kasanayan sa paggastos sa panahon ng COVID-19 na pandemya.
- o Maaaring magpakita ang datos ng hindi kumpletong caseload ng mga kabataang indibidwal na may Autism at iba pang mga diagnosis sa mga pinakabagong FY, partikular para sa mga indibidwal na Early Start (Maagang Pagsisimula) (Status 1). Ang mga pagtanggap na ito ay maaaring dahil sa mga pagkaantala sa pagtanggap ng impormasyon sa diagnosis sa halip na mga totoong uso (trend) sa populasyon. Halimbawa, karamihan sa mga bata ay pumapasok sa Early Start (Maagang Pagsisimula) (Status 1) sa pagitan ng 18 hanggang 24 na buwang gulang, habang ang karamihan sa mga diagnosis ng Autism ay hindi natatanggap hanggang sa edad na 3 o 4.